

PARA SA AGARANG PAGLABAS

**Pag-anunsyo sa 2022/2023 Performing Arts Brampton season**

BRAMPTON, ON (Mayo 18, 2022) – Nananabik ang Lungsod ng Brampton na ianunsyo ang 2022/2023 Performing Arts Brampton season nito, na may live music, comedy at entertainment sa teatro para mag-enjoy ang lahat. Binubuo ng dalawang malaking series, *Performing Arts Brampton Presents at This is Brampton*, mararanasan ng mga audience ang mga production sa lahat ng apat ng performing arts venues ng Lungsod – The Rose, LBP Theatre, Cyril Clark Theatre at Garden Square.

Sa season na ito, ang *Performing Arts Brampton Presents* ay nagtatampok ng celebrated na mga musikero, Canadian legends, comedy greats, at kilala sa mundo na teatro at cirque, kabilang ang:

- Tom Cochrane with Red Rider
- Kinky Boots
- The Tenors
- Jake's Gift
- Johnny Reid, Love Someone Tour
- Vanessa Williams
- Anne of Green Gables presented by Canada's Ballet Jörgen
- Animal presented by Cirque Alfonse
- Serena Ryder
- Shaun Majumder, Love Tour
- The Original Wailers
- Jann Arden
- Paddington Gets in a Jam
- Robert Cray
- Paul Reiser
- The Ugly Duckling produced by Lightwire Theater
- Big Wreck
- Just for Laughs
- At napakarami pa!

Ang Performing Arts Brampton ay committed sa pag-highlight sa local na mga artist at pakikipag-partner sa mga organisasyon ng komunidad para ilarawan, itaguyod at ipagdiwang ang talento ng Brampton, Kabilang ang co-presentation partners ang The Rose Orchestra, Brampton Concert Band at Brampton Music Theatre.

Ang *This is Brampton* ay bumabalik sa Studio II sa The Rose, na nagbibigay ng intimate at up-close platform para sa phenomenal na talento ng Brampton, pati na rin ng pagkakataon para sa pag-unlad ng sining. Kabilang sa mga curator ng series ang B-Jazzed, off the record, Stand-Up Stitches, SounDrive Records, Spades Media, Crate Clash, QueeriAH!city, HYPE at Bluebird Brampton.

Habang patuloy tayong bumabangon tayo mula sa pandemyang COVID-19, ang Performing Arts Brampton ay committed sa paggawang abot-kaya ng live entertainment at naa-access ng lahat. Ang mga presyo ng tiket ay binawasan para manatiling kompetitibo, na ang presyo ng tiket ay nagsisimula sa \$20 lamang para sa sari-saring palabas.

Ang mga tiket para sa 2022/2023 season ay ibinibenta sa mga Miyembro ng Rose sa Mayo 26, at sa publiko sa Hunyo 10. Para makita ang buong iskedyul, bumili ng mga tiket at matuto pa ng iba, bisitahin ang [therosebrampton.ca](http://therosebrampton.ca) o tumawag sa 905.874.2800.

*Nagpapasalamat ang Performing Arts Brampton sa ating mga isponsor sa 2022-2023 season: 45 Railroad, Algoma University, Fieldgate Developments, Meridian Credit Union, at Northwest Lexus.*

## **Garden Square Events**

Mag-enjoy sa sining, kultura at komunidad sa gitna ng Downtown Brampton. Mag-enjoy sa libreng entertainment sa buong summer sa Garden Square kabilang ang mga Pelikula sa Gabi ng Huwebes simula sa Hunyo 16, mga pop-up activation, festival at mga espesyal na event.

- Hunyo 19: Pride 2022 na ipinipresenta ng TD
- Hulyo: Ika-8 Taunang East Coast Kitchen Party
- Hulyo 22 at 23: Vibrant Brampton
- Hulyo 31: JAMBANA™ One World Festival
- Agosto 13: Stomp 'N Stampede
- Setyembre 30: National Day for Truth and Reconciliation; isang outdoor na konsyerto na nagtatampok sa JUNO Award winning Indigenous prog-rock duo, Crown Lands

*Ang summer season ng Garden Square' ay sinusuportahan ng No Frills, TD, Tim Hortons at Toronto Pearson.*

## **Mga Quote**

“Ang Performing Arts Brampton ay nagpapatakbo ng mga mahuhusay na venue sa ating lungsod, at meron silang iba na namang season na puno ng entertainment na pwedeng mag-enjoy ang buong pamilya. Ang Performing arts ay may kapangyarihan na ipagsama-sama ang mga tao, at habang tayo ay bumabalik sa personal na mga event, maganda na magkaroon tayo ng puno na hanay ng mga performance na aasahan. Hanapin ang inyong paboritong palabas at kunin ang tiket ninyo ngayon”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Excited ako na makita ang lineup para sa 2022/2023 season at na i-welcome muli ang mga manonood sa isang taon ng live na mga performance. Ang Brampton ay isang Mosaic, kung saan tayo ay nagdidiriwang ng sining, kultura at entertainment, at hindi na ako makapaghintay na panoorin ang isang palabas.”

- *Harkirat Singh, Konsehal ng Lungsod, Wards 9 at 10; Chair, Corporate Services, Lungsod ng Brampton*

“Matapos ang isang mahabang dalawang taon, nananabik akong makita ang pagbabalik ng punong season ng mga programa sa Brampton. Ang Performing Arts team ng Lungsod ng Brampton ay nakagawa ng eksepsiyonal na trabaho sa paghanda ng season na puno ng comedy, musika, drama at marami pa, na humihikayat sa mga manonood ng teatro sa lahat ng edad.”

- *Paul Morrison, Chief Administrative Officer, Lungsod ng Brampton*

“Kasama ang mga International at Canadian performer, ang ating 2022-23 Season ay nagtatampok ng mas maraming performance ng mga Brampton artist, mas malalim na partnership sa mga organisasyon ng Brampton arts, at mas maraming pagkakataon para sa Brampton na makita ang sarili nito na nailarawan sa ating mga entablado, at mas maraming pagkakataon para sa mga ating mga artist sa ating mga entablado na panoorin ng audience at makita ang magandang mosaic ng Brampton.”

- *Steven Schipper, Executive Artistic Director, Performing Arts, Lungsod ng Brampton*

-30-

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustenable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa [www.brampton.ca](http://www.brampton.ca)

Ang Performing Arts Division sa Lungsod ng Brampton ay nagsisiwalat, nagde-develop at nagtataguyod sa unique na pangkulturang identidad at creative vibrancy ng Brampton sa pamamagitan ng paghahabol nito sa kahusayan sa sining at malalim na pakikipag-ugnay ng komunidad. Ang Division ay nagpapatakbo sa apat na venue sa Brampton: The Rose, LBP Theatre, Cyril Clark Theatre, at Garden Square. [Alamin ang mas marami pa.](#)

**KONTAK NG MEDIA**

Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton

